

1

“Nicky Babe!” malakas na tawag ni Jamie sa matangkad na babaeng nasa counter. Mabilis na luminga-linga ito sa paligid na tila inaalam kung may iba pang nakarinig sa kanya bago nailing na nginitian siya.

Halos kalahati ng *Ronin’s Resto Bar* ay okupado na ng guests. Miyerkules ng gabi at acoustic night, kaya mayamaya lang marahil ay mapupuno na ang naturang establishment.

“Ano na’ng ininom mo niyan?” taas ang kilay na tanong sa kanya ni Nicky nang makalapit siya.

“Hmm... currant-flavored vodka. Two shots. Namimigay ng sample sa labas ng *The Cellar*, eh,” she smiled widely, referring to a wine and spirits shop two buildings away. “Tatanggi ba ako sa libre?” Isa pa ay kailangan niya ng alcohol buzz upang madagdagan ang lakas ng loob niya. She was there for a mission, after all.

“Ikaw talaga,” nailing nitong sabi bago kinuha ang pad ng order slips at ballpen. “Ano’ng order mo? Para maibigay ko na sa kitchen bago ko itago itong

bag mo.”

Um-order siya ng maki, spicy potato wedges at apple and green tea shake. Kaagad naman iyong ibinigay ni Nicky sa kitchen staff bago nagpaalam muna sa kanya upang asikasuhin ang ibang customers. Hindi siya miyembro ng *Rebel Yell*, ang bandang magpe-perform sa gabing iyon, ngunit best friend naman siya at minsan ay press agent ng lead singer niyon na si Vicki Yuson. Present siya sa halos lahat ng gigs simula nang buuin nito ang banda halos apat na taon na ang nakararaan.

Sa gabing iyon ay alas diez pa ang umpisa ng set ng *RY*. Alam niyang papunta na roon ang kaibigan at ilang sandali lang ay naroon na rin ang iba pang kabanda nito. Medyo maaga siya kaysa sa karaniwang oras ng pagsipot niya sa gigs ng *RY*. Hindi normal iyon sa isang katulad niyang hindi rin normal ang oras ng trabaho.

Well, even her job was not what people would call ‘normal’. Investigative journalist at producer siya sa isang malaking TV network. Ang isang professor niya noong college na immediate boss niya roon ang nag-recruit sa kanya may limang taon na ang nakararaan. It was a job she fell in love with within a span of few months. Kakaiba kasi ang challenge na

hatid ng kanyang trabaho, na nangangailangan hindi lang ng tapang, talino at pagiging resourceful, kundi flexibility at mahabang pasensya rin.

Exactly what she needed to carry out a plan which she had been thinking about for weeks now. Isang planong nakatakda niyang umpisahan sa gabing iyon, at dahilan kung bakit maaga siyang dumating.

Sa lahat kasi ng gigs ng *RY*, may isang miyembrong parati na ay maaga nang isang oras kung dumating sa venue. Ang taong kahit siguro sobrang high-end na ng sound and stage set-up doon ay aagahan pa rin ang dating para lang siguruhing walang magiging aberya sa tunog ng bawat instrumento o sa performance.

Iginala ni Jamie ang tingin sa paligid at kaagad iyong huminto sa stage. Sakto namang papatayo mula sa tila pagkakauklo sa kung anong pinagkakabitan ng mga kable ang isang lalaki. He was lean and muscular, evident in his white and powder blue striped long-sleeved polo that clung to his five-ten frame. Straight, slim cut ang dark slacks na suot nito. Malinis na malinis ang sapatos na kakulay halos ng suot na pang-itaas. Ang tanging accessory ay ang isang itim na diver's watch na nasa kanang braso nito.

For a drummer of an alternative rock band, the man looked too neat and polished. He has mixed,

almost delicate Eurasian features. Deep-set ang mga mata nitong ngayon ay gumagala ang tingin sa paligid.

Sinimulan niyang maglakad patungo rito. “Chase,” tawag niya nang may isang metro na lang ang layo niya sa stage.

He looked straight at her. May pagtataka sa mukha nito ngunit tumango naman. “Jamie.” Bumaba ito mula sa stage. Tinapik pa nito ang beat box at bongos. He was *RY*’s drummer and percussionist. “Ang aga mo, ah.”

Muntik na siyang mapaatras dahil isang ruler na lang yata ang lapit nila sa isa’t isa. “Mas maaga ka.” Tiningnan niya ito nang derecho sa mga mata bago magaan na humawak sa isang braso nito. Bahagya niyang inilapit ang pisngi rito. Muli ay may pagtataka sa guwapong mukha nito. Saglit siya nitong tiningnan bago nito inilapit ang mukha sa kanya.

She was expecting a mere brushing, light touching of their cheeks. But instead she felt his warm lips, his hot breath lingering a bit as he pulled away.

Sa loob ng halos apat na taon nilang pagkakakilala ay ni hindi sila nagbeso man lang. Hindi sila close ni Chase. Ang totoo ay masasabi niyang hindi nila ‘feel’

ang isa't isa. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na siya pa ang gumawa ng paraan para maging 'close' sila. All because of her plan.

Yes, it's all about the plan.

Pero bakit tila may kakaiba siyang naramdaman, at patuloy na nararamdaman sa munting 'moment' nilang iyon?

Nang tingnan niya ang lalaki ay bahagyang nakataas ang isang kilay nito. He looked somewhat amused, at tila naghihintay rin kung may sasabihin siya.

“You smell good,” anito, matamang nakatingin sa kanya. And he was looking at her as if he had known her all his life. As if he knew exactly what she was up to.

Mukha kayang may pinaplano siya? Matipid siyang ngumiti. “Maupo naman tayo. Nakakapagod tumayo.”

Marahan itong tumango, hindi inaalis ang tingin sa kanya, bago nagmuwestrang mauna na siya. “To our usual spot then.”

Ang usual spot ng banda ay sa pinakadulong

mesa sa kaliwang bahagi ng stage. Habang papunta roon ay hindi niya maiwasang mapansin na may ilang guests na nakatingin sa kanila, or rather, sa lalaking nakasunod sa kanya. Panay babae kasi ang mga iyon na walang pag-aalinlangang minamasdan talaga si Chase.

Hindi niya masisisi ang mga ito, dahil noong unang beses niyang makita ang lalaki ay halos ganoon katapang din niya itong sinundan-sundan ng tingin. The man was a real headturner. The fact, that he seemed to not notice all the attention even added to his allure. Add to that his impeccable good looks, neat appearance and confident strides.

Hindi rin niya maiwasang mahiya sa ayos niya. Light yellow green collared shirt na pinatungan ng coal grey cotton jacket, slim dark jeans at navy blue sneakers ang suot niya. Mabuti na lang at mahangin sa labas at nagulo ang maikli niyang buhok. The messed-up, wind-tousled look added an edge to her otherwise bland style.

At kailan pa naging ganoon ka-concerned si Jamie sa hitsura niya? Naiiling na itinaob niya ang 'reserved' sign sa mesa at mauupo na sana nang sa maramdaman niyang tila gumalaw ang silyang napili niya. Alertong hinawakan niya iyon at dahil doon ay

nakarinig siya ng mahinang pagtawa. Paglingon niya ay noon niya napansing hinila lang pala ni Chase ang silya para makaupo siya.

Pa-gentleman effect, saloob niya at tahimik na naupo. Pumuwesto ang lalaki sa silyang katabi niya, inilapit nito nang bahagya ang mukha sa kanya upang magkarinigan sila. Medyo maingay na rin kasi dahil humahalo sa piped-in music ang usapan ng ibang guests.

“Relax, Jamie. Wala tayo sa trabaho mo. No need to be jumpy.” Bahagya itong ngumiti bago kinuha ang menu na iniabot ng isang napadaang waiter.

“Bigla na lang kasing gumalaw ang uupuan ko, malay ko ba?” sagot na lang niya. Kinuha niya ang cellphone na biglang nag-vibrate sa bulsa ng jacket niya at tiningnan iyon. “Approaching Shaw Boulevard pa lang daw sina Vicki. Oh, well, nine-twenty pa lang naman. Kaya pa.” Nasa Tomas Morato ang *Ronin’s*.

“Galing ng south si Vicki? Saan?” curious namang tanong ng binata. Inilapag nito ang nakabukas na menu sa mesa.

Inaasahan ni Jamie ang curiosity nito. “She’s on a date. Kaninang hapon pa iyon, eh.”

Ilang segundong tila in-absorb muna nito ang

narinig bago napatango. “Kaya pala hindi siya nagreply sa texts ko kanina. I was asking about our set list.”

Tiningnan niya ito. Neutral ang ekspresyon ng mukha, pero dahil sanay na siyang bumasa ng kahit gaano kaliit na nuances ay alam kaagad niyang apektado ito sa narinig. Vicki on a date? Vicki not replying to messages on an afternoon? Nakakapanibago iyon para sa mga regular na nitong nakakasama at alam na walang boyfriend o prospect man lang ang dalaga, na kahit gaano ito ka-busy ay magre-reply ito kahit smiley sa text.

Nakakapanibago iyon lalo na sa isang taong obviously ay itinuturing si Vicki bilang espesyal na parte ng buhay nito. Gaya ni Chase.

“Yeah. Kani-kanina nga lang din siya nag-text sa akin.” Tumingin siya sa counter habang bukas ang pandinig sa alam niyang susunod na itatanong ni Chase.

“So who’s the one who managed to get her focused for several hours?” tila balewalang tanong nito, dinampot ulit ang menu.

Napangiti siya sa narinig. Vicki was the bubbly, restless artist type. Marami itong gustong gawin at

palagi na ay tila mina ng ideas ang utak nito, na sinisiguro rin nitong isine-share sa malalapit nitong kaibigan.

“Ivan Duremdez,” simpleng sagot niya.

“Ivan Duremdez? The *News 101* guy? The one who translates national issues into elementary language just so we wouldn’t be so apathetic?” di-makapaniwalang paniniguro nito.

Well, naiintindihan niya ang reaksyon nito. Her boss, Ivan Duremdez, may have movie star good looks, but he also might as well be a state leader. Ang totoo ay mas marami pa yata itong nagawa, mas malawak ang impluwensya at mas well-loved pa sa kahit na sinong pulitiko. He looked no-nonsense and very serious on TV as a known news anchor and public affairs show host, ngunit personal din niya itong kilala dati pa dahil nga isa ito sa mga naging mentors nila noong college.

Alam ni Vicki iyon dahil nagtatrabaho na rin ito sa TV network na pinapasukan niya bilang musical director sa ilang shows doon. Hindi naman ito interesado kay Ivan. Dati. Ngunit dahil na rin sa kagagawan niya, ayun at may tatlong linggo na ring lumalabas ang dalawa. At aminado siyang gusto niya ang nangyayari. Hindi niya inaasahang may

chemistry pala ang mga ito at bagay sa isa't isa. They were poles and worlds apart. But they were good for each other.

Vicki and Ivan have both been great influences in her life. Naging mabuting mga kaibigan din ang mga ito sa kanya, kaya wala siyang ibang ninais kundi ang makitang masaya rin ang mga ito. Sisiguruhin niyang walang magiging sagabal sa nabubuong love story ng dalawa.

Walang epal, walang kontrabida, walang distraction. Walang Chase.

She had nothing against the guy, really. Chase could be nice. Ngunit hindi niya nagugustuhan ang minsan ay pakikialam nito sa mga desisyon ni Vicki. She may have only heard about how he interfered with things related to the band and their music, but those were enough for her to quickly label him as the kind of guy who would be a controlling, domineering partner.

Iyon mismo ang dahilan kung bakit nabuo niya ang isang plano, at kung bakit heto siya ngayon at nakikipag-close sa isang taong sa umpisa pa lang ay mailap na sa kanya.

“Yup, the one and only.” Ngumiti siya at

nagpasalamat sa waiter na noon ay inilalapag na ang order niya.

Ibinigay nito sa waiter ang napiling order bago siya binalingan. “Parang hindi ka man lang concerned na nakikipag-date ang kaibigan mo sa isang taong in demand at hot property. Halos showbiz na iyong si Ivan, ah.”

There he goes, saloob niya. “He’s a good guy, actually.” Kinuha niya ang chopsticks at sinimulang kunin ang isang piraso ng maki. “I mean, pangatlong beses na yata nila itong lumabas nang sila lang. I think he’s good for Vicki. I can see how her face lights up at the mere mention of his name. ”Tapos lagi siyang excited sa tuwing lalabas sila.”

Mataman lang siya nitong tiningnan. He didn’t look too happy about what he just heard. It didn’t take a rocket scientist to figure out that Chase was secretly in love with her best friend. “Really?”

“Really.” Nakamasid siya rito habang marahang ngumunguya. Parang pilit pa nitong itinatago na apektado ito. “And for the man to actually make time to see her, that’s something. Parang ang dami kasi niyang ginagawa, di ba?”

Tumango ito. “Kunsabagay..” Tumingin ito sa

kanyang mga mata. “Ikaw, aren’t you concerned? Mukhang excited ka pa para sa kanya,” tila nagdududang sabi nito.

“Excited talaga ako.”

Tumaas ang isang kilay nito. “Talaga? Okay lang iyon sa ’yo?”

“Oo naman. Bakit ba?” Ngayon ay nawi-weird-an na siya sa mga sinasabi nito.

He leaned closer. “Hindi ka... nagseselos?”

Napamaang si Jamie rito. Hindi niya gaanong maintindihan ang huling tanong nito. Until it finally hit her. Napamura siya. “You think... you think I like Vicki? That I’m a lesbian?”

Dumerecho ito ng upo. “Aren’t you?” tanong pa nito.

Hindi niya napaghandaan iyon, malay ba niyang iniisip nitong may gusto siya sa best friend niya? “Hindi kaya!” mariing tanggi niya.

Mukhang hindi kumbinsido si Chase. Marahang tumango lang ito. Noon niya naisip na marahil ay matagal na nitong inakala na lesbian nga siya at baka nga kinokonsidera pa siya nitong karibal!

At iyon din siguro ang dahilan kung bakit mailap ito sa kanya. “Ang labo mo, Chase,” nailing niyang saad.

He simply shrugged.

“I am not a lesbian, okay? And I don’t like Vicki that way,” hirit pa niya. Naiinis siya sa reaksiyon nitong parang hindi naniniwala.

“Okay. S’abi mo.”

“I do not like any other woman that way, for that matter. Sheesh,” aniya, bago kinuha ang malaking baso at sumimsim ng apple and green tea shake. “Ni hindi ka man lang mag-sorry sa maling assumption mo.”

Nangunot ang noo nito, tila nagulat sa huling sinabi niya. Mayamaya ay napatango ito. “You’re right,” he sighed. “I’m sorry.”

“Apology accepted.” Bahagya siyang ngumiti. “Naiintindihan ko. Hindi rin kita masisisi. Hindi nga naman ako girly kung pumorma.”

Natawa ito. “Medyo tigas in ka ring gumalaw. Laging alert. I guess it comes with the job, huh?”

“Right.” She pointed her chopstick at him. “Enough about me. Let’s talk about you. Ikaw itong

mukhang mas concerned sa nangyayari ngayon kay Vicki.”

Nabura ang ngiti nito. “Any friend should be concerned.”

“Friend, huh?” Tinaasan niya ito ng kilay. He simply glared at her. Tila may gusto pa sana itong sabihin nang biglang mapukaw ng kung ano ang atensyon nito. May kung anong tinitingnan ito. She followed his gaze and saw that Vicki had arrived. She looked beautiful and radiant as she gazed up at the gorgeous man beside her. Ibinalik niya ang tingin kay Chase. “Hindi ganyan tumingin ang kaibigan. Kahit gaano kaganda si Vicki, hindi ako ganyan kapag tinitingnan ko siya.”

“Any man would find her beautiful.”

“You don’t just find her beautiful, Chase. You have been looking at her as if you want her, with such longing for almost four years,” walang ligoy niyang sabi.

“And you have been reading too much into things for the past four years, I see,” naniningkit ang mga matang sagot nito.

“Hindi mo ako masisisi. Masyado kang obvious. Ide-deny mo pa ba?” hamon niya.

“Well, I guess it was easy for you to figure out since you feel the same way, huh?” may pang-aakusang sabi nito.

Napamaang siya. “You’re crazy, Chase. Huwag mong ilipat sa akin ang usapan para lang subukang itanggi pa ang nararamdaman mo.”

“I wasn’t denying it.”

“Then bakit ipinipilit mo pa ring may gusto ako sa kaibigan ko? Threatened ka? Nagseselos?”

“Walang masama kung aaminin mo. Anyway, at least, wala ka namang ginagawa para doon. Safe pa din ang friendship n’yo,” balewalang turan nito.

Napipikon na si Jamie. Ano ang problema ng lalaking ito? Bakit ipinipilit nitong type niya si Vicki? “Wala akong aaminin dahil wala akong nararamdamang iba para sa kaibigan ko.”

“Then how come you have remained single all these years?”

“I should ask you the same thing.”

“Alam mo na ang sagot diyan, Jamie.”

“Then I would...” Napahinto siya. Ano ang sasabihin niya? Matagal na siyang single hindi dahil

may lihim siyang pagtingin sa kaibigan kundi dahil wala siyang makilalang naging interesting man lang sa kanya. Hindi rin naman big deal sa kanya kung may boyfriend siya o wala. Ang totoo ay jaded na siya pagdating sa love at pakikipagrelasyon. Mas madali para sa kanya ang maniwala na ang happy ending ay puwedeng mangyari sa ibang tao, pero hindi sa kanya.

But for the sake of argument with this deluded jerk...

“Well, what is it, Jamie?” tila nang-aasar pang tanong ni Chase. “Hmm... I never thought talking to you would be this fun and enlightening. Sana pala isinantabi ko ang pagiging magkaribal natin dati pa. Okay ka naman pala.”

“Hindi tayo magkaribal, you jerk!”

“So, bakit nga single ka pa rin hanggang ngayon kung hindi ka naman pala katulad ko na naghihintay lang ng tiyempo para sana makaporma sa babaeng gusto ko?”

“It’s four years, naghihintay ka pa rin ng tiyempo?”

“That’s not answering my question.”

“Then it’s none of your business.”

“Hindi patas iyon. You managed to uncover my feelings for your friend and I don’t get any juicy detail about you? So, ide-deny mo pa ba na—”

“I... am not gay. Okay?” mahina ngunit mariing sagot niya.

“But you are single because...?” Tila enjoy na enjoy naman ang binata sa pang-aasar sa kanya.

Goodness! Who knew Mr. Snotty Straight Dude can be so annoying? “Because I am still waiting,” napapabuntong-hininga niyang sagot. Ano ba ang idudugtong niya roon?

“Waiting for what?”

Napatingin siya rito. He did look curious. Noon niya muling naisip ang plano. Hindi pa sana panahon para gawin niya ang isang bagay, ngunit naiirita na siya sa pagiging smug at all-knowing nito.

Idagdag pang sa tuwing may sasabihin ay inilalapit nito ang mukha sa kanya.

“Waiting for this.” At walang babalang hinagkan niya ito sa labi. She held onto his shoulder as she did so. She intended to just gently press her lips to his, but he felt so soft and warm that she couldn’t help

but linger. Ramdam niyang nagulat ito sa ginawa niya, at lalayo na sana siya kung hindi lang niya naramdamang tumutugon ito sa halik niya. It was very gentle and sweet, yet it sent shivers through her. And she swore she could fancy seeing sparks. Or feeling them, whatever. Dama rin niya ang papabilis na tibok ng kanyang puso.

Oh my God! Naguguluhang itinulak niya ito palayo, ngunit hindi inaalis ang tingin dito. Tila lito rin si Chase at parang hindi alam ang nangyari. Napakurap ito sa kanya.

May tumikhim sa likuran niya. “Okay, so puwedeng pakipaliwanag kung ano iyong nakita namin?” It was Vicki.

2

“Have you two been seeing each other behind my back?” curious na tanong ni Vicki pagkaupong-pagkaupo nito sa tabi niya. Si Ivan ay saglit silang binati bago nagtungo sa bar upang kumuha ng maiinom. Si Chase naman ay mabilis na tumayo at tila naiilang na nagpaalam upang mag-sound check sa stage kasama ang dalawa pang kabanda na halos kasunod lang dumating nina Vicki at Ivan. Buti na lang, dahil kung nakita rin ng mga gitaristang sina Pierre at Carlo ang eksena nila ay tiyak na hindi sila tatantanan ng mga ito. Unlike Chase, she had always been in good terms with the two men. Ngunit parehong grabe kung mang-asar ang dalawa.

“No... not really,” sagot ni Jamie, windang pa rin. “I mean, hindi kami lumalabas. Pero nagkakausap lang sa... text.” Grabe, hindi siya sanay magsinungaling!

“So how will you explain the kiss?” tanong nito, ngunit binawi rin sa pamamagitan ng pagtaas ng isang kamay. “Wait, hindi mo kailangang sagutin iyan. Things just happen, right?”

Napatango na lang siya. Napatingin siya sa stage, at nagulat pa nang makitang nakatingin din si Chase

sa kanya.

“Ano’ng tawag sa inyong dalawa ngayon? Kumbaga sa *Facebook* status.” Natawa ang kaibigan niya sa tanong nito.

“Unknown. May ganoon ba? Hindi puwedeng ‘It’s Complicated’ dahil hindi naman puwedeng maging magulo ang isang bagay na ni hindi mo alam kung ano talaga,” nangingiting sagot na rin niya.

Vicki gave her arm a gentle squeeze. “You will find out soon enough. Huwag mo nang masyadong isipin iyon. I-enjoy mo lang kung anuman ang meron, okay?”

“Whoa, such optimism! Tama lang bang i-assume ko na enjoy ang araw na ito para sa iyo at may mga kasunod pa?” nanunuksong aniya.

Isang matamis na ngiti lang ang sagot ng babae. Ngunit ilang segundo lang ay nagkukuwento na ito tungkol sa naging date nito at ni Ivan. Nang magbalik ang lalaki sa mesa nila ay nakisali rin ito sa usapan. Natutuwa siya para sa dalawa. They both looked genuinely happy.

Kinikilig siya sa nakikitang tinginan ng mga ito, ang magaan na usapan, ang minsan ay sabay pang pagsasalita. They have just been going out for

a couple of weeks, but they were already behaving like an old married couple who were so comfortable and in love with each other.

Gusto niya ang nakikitang sparkle sa mga mata ng mga ito, lalo na sa kanyang best friend. And that made her all the more determined to make sure nothing gets in their way. Not one man who just admitted he was still waiting for a chance to be with her friend.

She had nothing against Chase. Pero kung talagang gusto nito ang kaibigan niya, dapat ay noon pa ito nagtapat o gumawa ng paraan. Pagkatapos ay ngayon ito magpapakita ng interes nang malamang may malupit pala itong kakompetensya? Kalokohan iyon! Not to mention a distraction, dahil kaibigan din ni Chase si Vicki. Siguradong may opinyon din ito sa nagsisimulang love story ng babaeng kabanda. He would definitely tell her what he thinks. He might tell her to take it slow, take it easy, etcetera.

She had it all figured out. Kaya naman sisiguruhin niyang hindi magkakaroon ng pagkakataon si Chase na i-distract si Vicki.

She would make sure he would be the one who will be distracted... because of her.

Before I Fall - Kylie Montiel

Muli siyang tumingin sa stage, abala ito sa pag-aayos ng kable ng microphone. Ngunit nang marahil ay maramdaman nitong may nagmamasid dito ay tumingin ito sa gawi nila.

She gave him a warm smile. Napakurap ito. Ngunit ilang saglit lang ay gumanti na rin ng ngiti.

Good job, Jamie! Sino ang mag-aakalang may kakayahan pala siyang maging seductress?

Pasado alas doce na ng hatinggabi nang matapos ang two-set gig nila. The band was well received, as usual. Nag-enjoy rin si Jamie kasama si Ivan, na first time mapanood si Vicki na mag-perform. Halatang masaya at proud ito sa dalaga. Hindi miminsang nahuli niya itong tila mesmerized habang nakatitig kay Vicki.

Hindi na niya nakausap muli si Chase sa loob ng dalawang oras dahil saglit lamang ang set break ng mga ito at iyon ay ginugol nito sa pakikipag-usap sa iba pang kabanda. Gayunpaman ay hindi miminsang nahuli niya itong sinusulyapan siya, na nakakapanibago dahil sa loob ng ilang taong magkakilala sila ay hindi siya pinag-ukulan nito ng ganoong atensyon.

She felt flattered, really. Not to mention accomplished, somehow, because things were working according to plan. Nang makababa sa stage ang banda ay nag-excuse siya kay Ivan upang puntahan si Nicky at kunin ang kanyang bill pati na rin ang gamit niya. Ilang saglit pa'y pabalik na sana siya sa mesa nila nang mapansin niyang sina Chase at Vicki na lamang ang naroon. Parehong nakatayo ang mga ito habang nag-uusap at tila may pinagtatalunan. *Ano kaya iyon?*

Curious man ay pinili niyang sa labas na lamang maghintay. Nakita niyang nakatayo na sa tabi ng *Hyundai Tucson* nito si Ivan. Katabi ng sasakyan nito ang *Honda Civic* ni Carlo, ang bassist. Kadalasan ay halinhinan sa pagdadala ng kani-kanyang kotse at nagsasabay na lang ito at ang lead guitarist na si Pierre dahil parehong nakatira sa Pasig ang mga ito. Ilang sandaling nakipag-usap muna siya sa dalawa hanggang sa tuluyan nang magpaalam ang mga ito. Pagkatapos ay binalingan niya si Ivan na ramdam niyang kanina pa siya matamang tinitingnan.

“May hinihintay ka rin?” nakangiting tanong nito.

“Pareho tayo ng hinihintay,” sagot niya at tumabi rito.

Natawa ito. “I didn’t really think of you as competition, competition, Jayms.”

“Heh!” singhal niya. “She told me huwag muna akong uuwi at may sasabihin siya. Part two yata ng interview portion niya kanina.”

Napatangu-tango ito. “Right. Hindi ko rin alam na may boyfriend ka na pala. Kailan pa naging kayo ni Chase?”

“Hindi ko siya boyfriend.”

“Then ano iyong nakita namin? May magkaibigan bang nagki-kiss in public?” hamon nito.

“Meron. Kami.”

“Iba na talaga ang kabataan ngayon,” nailing pero nakangiting sabi ni Ivan.

“I am twenty-seven years old, Mr. Duremdez. I believe I can already do as I please without parental consent.”

“Don’t be so sure, young lady.” Magaang na dinutdot nito ang ilong niya.

Natatawang pinalis niya ang kamay ng binata sa kanyang mukha bago nag-excuse muna upang unahang salubungin si Vicki na noon ay papalabas

na ng bar. Bahagya pa lang siyang nakakalapit ay hinawakan na siya ng kaibigan sa isang braso at hinila sa isang tabi.

“I just talked to your man,” bungad nito.

“He’s not my man,” tanggi kaagad niya.

“Whatever. Sa tingin ko, confused pa kayong dalawa sa nararamdaman n’yo. He told me na kanina lang kayo talagang nagkausap, na hindi ako dapat mag-conclude ng kahit na ano. But a kiss is a kiss, hindi ko na alam kung ano ang mga circumstances na naging dahilan para mangyari ang naabutan naming eksena kanina...” Huminga ito nang malalim bago nagpatuloy, “But I warned him not to do anything to hurt you.”

“Vicki, you’re making a big deal out of it.”

“The hell I am! Hello, akala mo ba hindi ko napapansin kung gaano ka umiwas sa mga lalaki at sa pakikipag-date all these years? I know you have been hurt before, pero hindi tamang hayaan mo ang sarili mo na maging jaded habambuhay.”

“Goodness! Sinabi mo ba iyon kay Chase?”
naalarmang tanong niya.

Umiling ang babae, pagkuwan ay ngumiti. “But

I warned him to be good, or else...”

“Sira ka talaga. Huwag mo akong intindihin. Alam mong kaya ko ito. I can handle Chase, okay? Si Ivan ang asikasuhin mo.” Hinawakan niya sa balikat ang kaibigan at marahang itinulak pabalik sa parking lot, kung saan naroon at naghihintay pa rin si Ivan.

Chase was nowhere in sight, but she didn’t mind. She could deal with him another time. Hindi niya dapat minamadali ang plano niya. So far ay pabor naman sa kanya ang mga nangyayari.

Kumaway siya kina Ivan at Vicki nang makitang paalis na ang sinasakyan ng mga ito. Malapit lang ang bahay niya kaya hindi na nag-volunteer ang mga ito na ihatid siya. Sa tuwina, kapag sa *Ronin’s* ang gig ay naglalakad lamang siya pauwi. Kapag sa ibang lugar ay dinadala niya ang kanyang motorbike.

“Hindi ka pa ba uuwi?”

Paglingon niya ay nakita niyang nakatayo si Chase may isang metro mula sa kinatatayuan niya. “Pauwi na, maglalakad lang. D’yan sa Scout Limbaga lang ang bahay ko.”

“Ihahatid na kita,” anito, bago nilapitan ang isang itim na *Explorer*.

“Hindi mo ba ako narinig? Dalawang kanto lang mula dito ang bahay ko. Safe maglakad papunta doon dahil maliwanag ang daan at nagkalat ang mga guards.” Sumaludo siya rito. “Thanks, anyway. Ingat ka na lang sa daan.” At nagsimula na siyang maglakad.

Nakakasampung hakbang na siya marahil nang maramdaman niyang sinusundan siya ng binata. Huminto siya.

“What are you doing?”

“Ihahatid nga kita. Sasamahan kitang maglakad pauwi kung ayaw mong sumakay,” anito habang nakapamulsa ang dalawang kamay. “Let’s go.”

“Ang labo mo.” Pero hinayaan na rin niyang sabayan siya ni Chase sa paglalakad.

“Ikaw ang malabo. You kissed me. Pagkatapos iiwas ka?”

Tiningnan niya ito. “Hindi ako umiiwas.”

“Fine. So why did you kiss me?”

“Because you won’t shut up. Eh, hinalikan mo din ako. What’s your excuse?” Tinaasan niya ito ng kilay.

He smiled. “The truth? You taste and feel good.

At dahil...” Bumuntong-hininga ito. “Dahil nakatingin si Vicki.”

“At may taste and feel good ka pang nalalaman! For show lang din naman pala ang dahilan mo.” Napapalatak siya. Well, just as she thought. Some men can be downright predictable.

“She actually confronted me about it earlier. Parang hindi niya gusto ang nangyari. Hindi ko maintindihan kung bakit,” dagdag pa ni Chase. Mukhang iniisip pa nito ang naturang komprontasyon, na tila nababagabag nga ito.

“Alin ang hindi mo maintindihan?” tanong niya, kahit may idea na sa isasagot nito.

“Kung bakit parang galit siya. Na may ganoong eksena tayo kanina and yet we’re not... together,” sagot nito.

“That’s exactly the reason. Ang dense mo naman.”

“I don’t get why it has to bother her that much.” Hindi nito pinansin ang patutsada niya.

“Kinausap din niya ako kanina. Ganoon din ang dating sa akin. Hindi niya gusto ang nakita niya. Napagsabihan pa nga ako,” sabi niya. She placed both hands behind her and crossed her fingers. Panay

kasinungalingan kasi ang sinasabi niya.

“Ipinaliwanag ko sa kanya na kanina lang talaga tayo nagkausap at wala akong maibibigay na konkretong dahilan sa naabutan niyang eksena natin, pero mukhang focused siya sa nakita niya.”

“Big deal talaga para doon ang kissing scene.”

“She’s with Ivan. Why did she have to let our little scene earlier bother her that much?”

“Hindi nga siya sang-ayon doon.”

“Bakit nga? Tayo naman iyon. And we’re adults so...”

“May mga bagay talagang hirap ipaliwanag ang mga babae.” She sighed for effect. Her fingers still crossed behind her. “Nagka-girlfriend ka na ba?”

Kumunot ang noo nito. “Yes. Ano ang kinalaman noon?”

“Nakailan ka na?”

“Tatlo. Bakit?”

“Then you must have an idea already kung bakit bigla na lang naiinis o nagiging weird ang isang babae, at wala silang maibigay na solid na dahilan kung bakit sila nagkakaganoon,” paliwanag niya

habang paliko sila sa kanto ng kalye nila.

Saglit itong tila nag-isip. “Oh, come on. Imposibleng iyon ang dahilan. Hindi puwedeng nagseselos si Vicki.”

“Why not? Ganoon ka kakumbinsido na wala ni gasinong epekto ang presence mo sa buhay niya besides being a friend? All these years, nasa kanya lang halos ang atensyon mo ’tapos, suddenly, makikita niyang may kahalikan kang ibang babae, sa gig pa mismo niya? Nakakapanibago iyon.” She watched his face as he seemed to absorb what she just said.

“I was content just being with her, feeling whatever it is I have for her in silence,” pahayag ng binata.

“Bakit nga ba hindi ka nagtatapat sa kanya?”

“I was scared. Isa pa ay hindi ako sigurado sa nararamdaman ko. Kung magtatapat ako na hindi ko alam kung ano ito, posibleng makaapekto sa pagkakaibigan namin. Ayoko namang mangyari iyon,” sa wakas ay sabi nito. Ramdam niya ang lungkot sa boses nito.

“Ngayong may Ivan na matapang na nagsasabi sa kanya ngayon that he wants to be with her, nasaan ka? Lugmok sa kangkungan,” deklara niya. Kahit

naaawa ay hindi pa rin niya napigil ang sarili na magkomento.

Tila balewala naman iyon dito. “I wouldn’t say that. After all, may hindi maipaliwanag siyang issue sa kissing scene natin. Kanina ko lang siya narinig na halos pagtaasan ako ng boses, at mukhang medyo stressed na ewan. She is usually cool and composed.”

Huminto si Jamie sa tapat ng mataas na gate ng bahay nila. “May plano ka?”

Umiling ito. “I don’t know. Pero gusto kong makasiguro kung ano ang issue niya sa ating dalawa. At kung ano ba talaga ang nararamdaman ko para sa kanya.”

Mataman niya itong tiningnan. “You want her, Chase. She’s special. You might even be in love with her all these years. Pero wala kang ginagawa para iparamdam man lang sa kanya iyon. ’Tapos ngayong nakahanap ka ng totoong kompetisyon, ’tsaka ka kikilos?”

“Huli na ba ako? Sila na ba ni Ivan?”

“Hindi pa. Maybe not yet for a while. Recently lang sila nagkakilala talaga. Vicki doesn’t favor whirlwind affairs.”

“Sa tingin mo may pag-asa ako?” pagkuwan ay tanong ng binata.

“May plano ka talagang magtapat?” balik niya.

“Pero gusto ko munang malaman kung anong issue niya sa—”

“Why don’t you get over that freaking issue for a second? Do you want to pursue Vicki or not?” kulit niya, may halong inis na sa tinig.

“I do. I want to be with her.”

“Willing kang mag-take ng risk?”

“Yes.” Tumango pa si Chase.

“Gusto mong tulungan kita?”

“Now that’s a bit... dubious.” Alanganin itong napangiti.

Tumaas ang kilay niya. “So you don’t trust me?”

“Ngayon lang tayo nagkausap, Jamie. Ano sa tingin mo ang iisipin ko?”

“Gusto mo ng paliwanag?”

“Ngayon na?” alangan pa ring tanong nito.

She sighed. “Hindi. Bukas. Magkita tayo. Ipahinga

Before I Fall - Kylie Montiel

mo muna iyang utak mo.” Inilabas niya ang cellphone at ibinigay iyon sa binata. “Save your number. Nasa Makati area ako bukas. We could discuss things over lunch.”

3

“This is the first time that a woman picked me up from work,” nailing na sabi ni Chase nang makita nitong abala si Jamie sa pag-iinspeksyon ng mga brochures sa receiving area ng pinapasukan nitong auditing firm.

“It’s more convenient for me than heading straight to the mall. Diyan sa kabilang building lang naman ang ka-meeting ko,” sagot niya habang inilalagay sa bag ang ilang brochure.

“All right. At kilala ka rin ng head ng house security namin.”

“Hmm... baka nanonood siya ng docu program namin.” Nauna siyang naglakad patungo sa pinto na marahan niyang itinulak. She waited for him to step out. Nanatili lang na nakatingin sa kanya ang binata. “What?”

“At ngayon lang din may nagbukas ng pinto para sa akin,” naiiling nitong sabi. But he stepped out anyway.

She caught a whiff of his wonderful manly scent as he passed by. Tila pinaghalong fabric conditioner

at mild cologne, na ang linis sa pang-amoy. “There’s always a first time.”

“I actually thought about our conversation last night. Which was the first we had, by the way. Simula nang mabuo ang banda, hindi tayo nagkausap ni minsan.” Sinulyapan siya nito. “May gusto ka bang ipaliwanag, Jamie?”

“You were aloof. Hindi ko ugaling basta na lang i-approach ang mga taong obvious na ayaw namang malapitan. Or, at least, gives off that vibe. It’s a waste of time and energy for me.” Nauna siyang pumasok nang bumukas ang elevator. Wala iyong laman.

“So why waste your time and energy last night?”

“I was bored.” Nagkibit-balikat siya.

“And?” Hindi kontento si Chase sa sagot niya.

“I was curious. I mean, I have been observing each of you guys, especially you, dahil hindi ka naman masalita. You stood out because one, you’re gorgeous.” Nginitian niya ito.

Halatang nagulat ang binata sa harapang pagpuri niya rito. “Uh, thanks... I guess.”

Bahagya siyang natawa. Mukhang hindi ito sanay na pinupuri. “And two, you’re obviously smitten with

my best friend. Ang totoo, hinihintay ko, all this time, na gumawa ka ng paraan para mas mapalapit pa sa kanya. Pero lumipas ang taon na wala kang ginagawa...”

“I have my reasons, okay?”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Such cowardly reasons... Anyway, so all this time you just kept maybe loving her in silence until this guy, came along. This guy, na mas busy pa yata sa presidente pero ginawan ng paraan para makilala at makasama ang kaibigan ko, at ngayon ay binibigyan ni Vicki ng chance na makasama siya. I thought it wasn’t fair.”

Buntong-hininga lang ang isinagot doon ni Chase, bago magaan siyang hinawakan sa likod at iginiya sa bumukas na elevator paglapag nila sa ground floor.

“When I saw you last night, ang sabi ko, parang may mali. I was curious about you. Curious enough to start that conversation,” patuloy niya.

“And what did you find out?” tanong nito habang palabas sila ng building.

“Okay ka naman pala, eh. Not bad at all. Naisip kong dapat mabigyan ka rin ng pagkakataon na kung hindi man makasama ay masabi o maipaalam

kay Vicki ang nararamdaman mo. O malaman man lang kung may nararamdaman ba siya para sa iyo, somehow.” Kinuha niya ang payong sa backpack at binuksan iyon.

“Let me.” Kinuha ni Chase mula sa kanya ang payong, bago iniangat ang siko nito upang doon siya humawak habang naglalakad sila. Patawid kasi sila ng daan patungo sa *Power Plant Mall*. “Continue. So, may naiisip ka ba?”

“Bakit ako ang mag-iisip? Ikaw itong may gusto kay Vicki.” Hindi niya maiwasang ma-conscious nang bahagya sa pagkakalapit nila.

“I thought since you were the one who approached me, baka may naiisip ka na.”

“Ibabatay ko lang sa kung ano ang gusto at tingin mo sa sitwasyon ang suggestion ko. Ultimately, decision mo pa rin. Wala naman akong mapapala kung tutulungan kita, di ba? Other than, of course, knowing that my friend ends up with the man she deserves and who will really make her happy.”

“Parang gusto ko na namang magduda—Aray!”

Siniko niya ito. Alam niyang aasarin na naman siya ni Chase na may gusto siya sa best friend niya. “Vicki was one of those female figures I had growing

up, okay? I never had a sister, kung totoo ang past lives, malamang ay magkapatid kami dati... or kambal. Ayoko na uling maririnig na binibigyan mo ng malisya ang concern ko sa kanya.” Kinuha niya ang payong dito at nauna nang naglakad.

Hindi iilang beses na may nagduda sa closeness nila ni Vicki, lalo pa at pareho silang boyish. Nagkataon lang na mas mukha itong babae dahil sa mas mahabang buhok at pagiging soft-spoken nito. Siya naman ay brusko talaga dahil lumaki siyang pulos lalaki ang kasama.

Toddler pa lamang siya nang pumanaw ang kanyang ina dahil sa cervical cancer. Naiwan siya sa kanyang butihing ama at tatlong kuya na bagaman inalagaan siya nang husto ay hindi naman siya naturuan kung paano mag-behave bilang isang babae.

Tuloy ay binansagan siyang tomboy ng mga nakakakilala sa kanya sa hometown niya sa lalawigan ng Quezon. She had few female friends growing up, dahil nasanay siyang mga kuya rin niya ang kalaro niya. She only started mingling with girls in college, at doon niya nakilala at naging ka-close si Vicki, two years ahead sa kanya. Kasama niya ito sa isang campus organization na sa umpisa pa lang ay naging magiliw na sa kanya.

Vicki had always been her best friend. Bukod sa kanyang pamilya, ito at ilan pang kaibigan nila lamang ang talagang nakakakilala sa kanya. People can assume and believe what they want, but the fact remains that if there was anyone she would really want to have a happy ending, si Vicki iyon.

Nakakapagod at nakakasawa lang na may mga taong ang kikitid ng utak at masama kung mag-isip.

“Jamie! Wait up!”

Bago pa siya muling nakabuwelo at lumakad nang mabilis paliko sa entrance ng mall ay nahawakan na siya ni Chase sa isang braso. Ipiniksi niya iyon. Bumitiw naman ito. Humarang ito sa dadaanan niya at inilahad ang dalawang kamay.

“I’m sorry, okay? Hindi ko na ulit gagawin iyon.”

Iniiwas lang niya ang tingin dito. Iyon lang ang kaya niyang gawin upang mapigilan ang sariling sapakin ito. Kailangan niyang magtimpi, alang-alang sa mga plano niya.

“I am a jerk, I know. Sorry na, please. Patawarin mo na ako.” Hinawakan nito ang kanyang baba at iniharap dito ang mukha niya. His eyes were pleading. “Please?”

Napakurap siya. What the hell? Gumagawa sila ng eksena sa daan? Napansin niyang pinapanood na sila ng ilang tao roon. Karamihan ay naaaliw at nangingiti.

“Sorry na. Hindi na talaga kita aasarin nang ganoon. O sige, kapag inulit ko, upakan mo na lang ako.”

Iniiwas niya ang mukha rito. “Talaga? Sinabi mo iyan, ha!”

“So I’m forgiven?” Ngumiti na ang binata.

Hindi siya makapaniwala sa nakikita at naririnig. Who knew this man could be annoyingly charming? Ang akala niya ay snob at arogante lang ito, bukod sa may pagkaalaskador. But he did have his ways.

Baduy at corny pero benta sa kanya. “Huwag mo na lang talaga ulit kami gagawan ng issue ni Vicki. Remember, I am trying to be nice here, kaya umayos ka naman.”

“Oo na, sige na.” Itinaas nito ang kanang kamay. “Promise.”

And to her horror, he laced an arm around her shoulder and kissed her on the cheek! “What the hell?” Inalis niya ang braso nito sa balikat niya

habang kinukuskos ng palad ang pisngi.

“Ang sama nito. Hinalikan mo nga ako kagabi,”
kunwa ay nasaktan nitong sabi.

Nagpapa-cute ba ito? Ano ang nangyayari? Wala ito sa inaasahan niya! “Kumain na nga lang tayo,”
nailing na saad niya bago nagmartsa na papasok sa isang pizzeria.

Kakagat na sana si Jamie sa pang-apat niyang slice ng pizza nang mapansin niyang nakatitig sa kanya si Chase. “Ano’ng problema? Kain pa! Sulitin mo ang ibabayad mo.” Nag-offer ito na magbayad ng order nila at hindi naman siya tumanggi, dahil hindi siya umaayaw sa libre.

“Walang problema sa iyo; sa akin, meron.” Bahagya itong natawa at napailing. “It actually occurred to me na kaya mo ako nilapitan kagabi ay dahil gusto mo ako. But seeing you now, na walang poise at parang galing sa giyera kung kumain, alam kong nagkamali na naman ako. Ni hindi ka man lang nagpapa-impress by acting with finesse.”

“Maling-mali.” At buong puso siyang kumagat nang malaki sa pizza at walang habas iyong nginuya.

Minasdan lang siya ng binata, pagkatapos ay kinuha ang isang folded napkin sa tabi ng plato nito. “Hindi ka lang wa poise, madumi ka ding kumain.”

And before she could protest, he leaned over. Hinawakan nito ang ulo niya at maingat na pinunasan ang gilid ng labi niya. Pagkatapos ay iniabot nito sa kanya ang isang baso ng tubig.

Muli ay hindi niya iyon inasahan. Para sa isang tulad niyang nasanay na masusing nag-oobserba, pinag-aaralan at pinaplano ang lahat, mahirap tanggapin na may mga bagay na hindi niya lubusang napaghahandaan.

She only planned to carefully suggest to Chase to try and see if Vicki will get jealous by seeing them together. In the process ay magpapanggap siyang nagkakagusto rin talaga rito upang ma-distract ito. Sa ganoong paraan ay sa kanya matutuon ang atensyon nito. Sa ganoong paraan ay hindi na nito mabibigyan ng gaanong panahon si Vicki.

She wanted this, the way he was fussing over her. Dapat siyang matuwa dahil nagagawa niya ang mga bagay na nasa kanyang plano nang halos walang effort. Ngunit hindi niya inaasahan ang mararamdaman. She was not supposed to feel anything! That’s right, she was not supposed to feel

anything more than triumph over her impending success. Kilala niya si Chase. She had him all figured out. Hindi siya dapat nagiging ganito kaapektado dahil lamang sa may pagka-sweet pala ito, lalong gumuguwapo sa malapitan, adorable ang pagiging makulit, may kakaibang sense of humor at mabango.

“Aayos ka lang?” May concern sa malalamang mata nito. “Hinay lang kasi sa pagkain. Maiimpatso ka sa ginagawa mo. Isa pa, hindi ko naman kailangang bumalik sa opisina agad. I squeezed this meeting into my schedule for the day. I have all the time.”

Tumusok siya ng apat na piraso ng tuna pesto penne. “Well, I don’t. I am seeing a resource person at three p.m. Sa *Acropolis* pa siya nakatira. Kailangan kong sunduin.” Isinubo niya ang pasta at mabilis iyong nginuya.

“Susunduin mo pa ang kliyente mo? Ang lupit naman. Sino ba iyon?” Ginaya nito ang ginawa niya sa pasta.

Pigil ang ngiti niya sa nakitang tila namumuwalan ito, parang lalo lang gumuwapo. Unfair! “Krishna Aseron.” tukoy niya sa isang sikat na public attorney, na naging beauty queen dati.

“Up close with the gorgeous Krishna.” He wiggled

his brows. “Siguro naman mas safe itanong kung hindi ka ba nag—”

Dinuro niya ito ng tinidor. “Don’t you dare!” Sira-ulo talaga ang isang ito. Mukha ba talaga siyang tibo? “Bakit ba masyado kang kumbinsido na babae ang gusto ko?”

Natatawang itinaas nito ang dalawang kamay. “Relax! Sorry na. Okay, hindi ko na ipipilit na babae ang gusto mo.” He leaned close. “Anong klaseng lalaki naman ang type mo?”

Bumuntong-hininga siya bago sumandal sa kinauupuan. “I do not have a particular type. Nag-set ako ng standards dati, nakahanap ng akala ko ay magiging mabuti sa akin pero nasaktan lang ako.” Muli siyang tumusok ng ilang piraso ng pasta. “The man simply has to look presentable enough, may ambisyon, godly, marespeto, hindi nag-i-impose, tatanggapin at igagalang ang kung sino o ano ako pati na ang mga desisyon ko. He has to really love and be proud of me, one who will really take time to know me and consider my feelings. Someone who will love me enough not to betray me,” mahaba at seryosong sagot niya bago isinubo ang kinuhang pagkain.

Natahimik ito. He seemed to eye her now with newfound respect and curiosity.

“Eh, di natahimik ka d’yan.” Iningusan niya ito. “You must think that just because my job is exposing anomalies on national TV, I am automatically cold and unfeeling. Matapang ako, pero hindi ako bato.”

Tumango ito, pagkuwan ay iniabot ang kanang kamay. “I will remember that. Friends?”

Tinaasan muna niya ito ng kilay bago inabot ang kamay nito. They exchanged firm handshakes. “Sure. So let’s get down to business.”

“Hindi ka talaga nagsasayang ng oras,” amused na komento ng binata.

“Hindi talaga.” She took a sip from her drink. “Magkalinawan muna tayo. Are you in love with Vicki?”

Mataman siya nitong tiningnan. “Yes.”

Napakurap siya. Bakit parang masakit sa pandinig ang pag-amin nito? “Good. And you want to pursue her now?”

Tumango lang ito, hindi inaalis ang tingin sa kanya.

She felt a bit unnerved, but tried her best to keep her senses calm. “But you want to make sure and see first if you have a chance? Mas gusto mong

makasiguro before you take the risk?”

“Don’t make it sound so bad. Trying to uncover her feelings is risky enough. Gusto ko siya pero ayokong maging padalos-dalos at isakripisyo na lang basta ang pagkakaibigan namin.” Napabuntong-hininga ang kanyang kausap. “Yes, gusto ko munang makasiguro.”

“At paano mo planong gawin iyon?”

“Weird ang reaksyon niya sa naging eksena natin kagabi.”

“At gusto mong malaman kung bakit?”

“Yes. Can you help?” umaasang tanong nito.

“Gusto mong malaman kung nagseselos siya?” balik niya.

He smiled and simply nodded.

“Do you trust me?” Gumanti siya ng ngiti rito.

“As long as you will promise that you will not sell my soul to the devil, then yes, I trust you.”

Tumango si Jamie. Kumuha siya ng isa pang tinidor at iniumang iyon sa slice ng *Oreo* cheesecake. “Cool. We’ll plan something then.”